

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Paano naiiba ang kalooban ng Diyos sa atin? Papaano mo ito nakita sa iyong buhay?
- Ano ang nadarama mo ayon sa pangako ng Diyos para sa iyo sa aklat ng Jeremias 29:11? Nananalig ka ba na may plano Siya para sa iyo na ikaw ay sasagana, at bibigyan ka ng isang pag-asa at kinabukasan? Bakit o bakit hindi?
- Papaano mo mapaglilingkuran o tatalikdan ang layunin ng Diyos sa ating henerasyon? Ano sa palagay mo ang kalalabasan kung gagampanan mo ang layunin ng Diyos sa iyong henerasyon?


NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Nakaramdam ka ba ng takot sa kalooban ng Diyos o sa Kanyang plano para sa iyong buhay? Bakit? Naniniwala ka ba na ang kalooban Niya para sa iyo ay mabuti at lubos? Ano ang maaari mong gawin upang panghawakan ang mga pangako ng Diyos sa iyong pang araw-araw na pamumuhay?
- May mga bagay ba na pumipigil sa iyo upang gawin ng lubusan ang plano at layunin ng Diyos? Ano ang gagawin mo sa mga bagay na ito? Papaano mo pipiliin na gampanan ang layunin ng Diyos simula sa buong linggo na ito?
- Ano ang maaari mong gawin upang maglingkod sa layunin ng Diyos sa iyong henerasyon?

PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang mabuti, kalugod-lugod, at lubos na kalooban para sa ating buhay.
- Ipanalangin na ang walang kupas na kalooban ng Diyos ay masunod sa iyong buhay, sa pamilya, at sa hanapbuhay. Panghawakan ang Kanyang Salita habang ikaw ay nag-aantay sa katuparan ng mga pangako (hal. kagalingan, paglalaan, kaligtasan ng pamilya at mga kaibigan).
- Ibigay ang panahon upang paglilingkuran ang Kanyang layunin sa iyong henerasyon.



Ano ang Kalooban ng Diyos?

Week 1

NOTES

CONNECT

- Ano sa palagay mo ang isang araw na tama ang lahat? Sabihin mo sa amin ang gagawin mo.
- Ikaw ba ay isang tagapagsaayos at isang tagapagplano, o mas mabuti kang manungkulan kung kusa mong gagawin ang mga ito? Ipaliwanag.
- Kailan ang panahon na ayaw mo talagang gawin ang isang bagay pero nagawa mo rin? Bakit mo nagawa ito? Ano ang nangyari?



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

WORD

Marami tayong mga pinaplano ngunit ang kalooban pa rin ng Panginoon ang masusunod.

Kawikaan 19:21
(Basahin rin ang Isaias 46:10 at Efeso 1:5.)

WHAT *What does the Bible say?*

Dahil ang Diyos ay Diyos, ang Kanyang kalooban, plano, at layunin ang siyang masusunod. Mayroon Siyang karapatan at kapangyarihan na isakatuparan ang Kanyang kalooban dito sa lupa. Dahil tayo ay hindi Diyos, wala tayong karapatan o kapangyarihang ipagpilitan na mangyari ang ating kalooban. Narito tayo upang manalangin at gumawa upang ang Kanyang kalooban ay maitatag dito sa lupa gaya ng sa langit. Ano pa ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa kalooban ng Diyos, Kanyang layunin, at Kanyang plano sa ating mga buhay?

- **Ang kalooban ng Diyos ay mabuti, kalugod-lugod, at ganap.**
Huwag ninyong tularan ang mga ginagawa ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Diyos—kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin.

Roma 12:2

Marami ang takot sumuko sa kalooban ng Diyos. Kung talagang naunawaan nila ang likas ng Kanyang kalooban, hindi sila dapat matakot. Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang kanyang isinalarawan na ang kalooban ng Diyos ay “mabuti, kalugod-lugod, at lubos?” Ano ang mga ilang bagay na naranasan mo na ang Diyos ay mabuti, kalugod-lugod, at lubos?

- **Kasama sa plano ng Diyos ang kasaganahan, pangangalaga, at pag-asa.**
“Alam ko kung paano ko tutuparin ang mga plano ko para sa kabutihan n’yo at hindi sa kasamaan n’yo, at plano para bigyan kayo ng pag-asa at mabuting kinabukasan.”

Jeremias 29:11

Bahagi ba ng plano ng Diyos ang ikakasama natin, o ang maglaan para sa atin? Paano naglalaan ang Diyos at pinangangalagaan ang bilang pagsunod mo sa Kanyang kalooban? Papaano ka nabigyan ng positibong pag-asa sa kinabukasan ayon sa iyong pangako sa kalooban ng Diyos?

- **Ang layunin ng Diyos ay hindi nagbabago.**
Ganito rin ang ginawa ng Diyos noon sa mga taong pinangakuan niya. Ipinakita niya sa kanila sa pamamagitan ng panunumpa na tutuparin niya ang pangako niya.

Hebreo 6:17

Kung likas sa Diyos ang hindi pabago-bago, maaari ba Siyang lumipat sa ibang plano, kung magkasala tayo at pumalpak? O di kaya panghahawakan pa ba Niya ang tunay na layunin Niya sa ating buhay? Maaari ba, sa pamamagitan ng panalangin, na magbago ang layunin ng Diyos sa ating mga buhay?

- **Ang layunin ng Diyos ay maaaring pagsilbihan o tanggihan.**
. . . dahil nang matapos ni David ang ipinapagawa sa kanya ng Diyos na maglingkod sa kanyang henerasyon, namatay siya at inilibing sa tabi ng kanyang mga ninuno, at ang kanyang katawan ay nabulok.

Mga Gawa 13:36

Pero ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan ay tumanggi sa layunin ng Diyos para sa buhay nila, dahil hindi sila nagpabautismo kay Juan.

Lucas 7:30

Papaano pinagsilbihan ni David ang layunin ng Diyos sa kanyang henerasyon? Papaano nagawang tanggihan ng mga Pariseo ang layunin ng Diyos? Sa palagay mo naunawaan nila na kanilang tinanggihan ang layunin ng Diyos?